*** Kung mag-aapply para sa school expense subsidy, basahin nang mabuti at maingat na itabi ang paunawang ito.**

# Paunawa sa School Expense Subsidy System para sa taong 2025

**Sa mga magulang o guardian**

**mula sa Board of Education ng Sakai City**

Sa Sakai City, sa pagpapaaral sa pampublikong elementary at junior high school (liban sa mga pambansa at support school), may nakalaang sistema ng pagsuporta sa bahagi ng gastusin tulad ng gastusin sa mga kagamitan sa pag-aaral, at iba pa, para sa pamilyang nahihirapang magpaaral sa pinansyal na kadahilanan, upang panatag ang loob na makapag-aral sa eskuwela ang kanilang anak.

Basahin nang mabuti ang paliwanag sa 1-5 at mag-apply ang nagnanais ng subsidy na ito.

Para sa mga detalye tungkol sa school expense subsidy system

◎ **Kailangang mag-apply para sa school expense subsidy bawat taon. Kailangan ding mag-apply ng taong tumanggap ng "pondong panghanda sa pag-enrol" para sa bagong pasok sa grade 1 o 1st year noong Marso, kung nais ng "gastusin sa mga kagamitan sa pag-aaral" at iba pang subsidy.**

## 1 Paraan ng Pag-apply atbp.

◆ **Panahon ng Pag-apply　Abril 15, 2025 (Martes) ~ Abril 30, 2025 (Miyerkules )**

*Tatanggapin ang aplikasyon kahit pagkatapos ng Mayo hanggang sa katapusan ng Pebrero sa susunod na taon, ngunit sa buwan na nakumpirma na ang aplikasyon saka magiging kwalipikado sa pagtanggap ng subsidy.

**Mag-ingat**

・Maaaring mag-apply sa eskuwela at tanggapan ng ward office liban sa Sabado, Linggo at public holiday.
・Mula sa Abril 15 din ang pag-download at pamamahagi (eskuwela at ward office) ng application form.
・Maaaring ihinto ang electronic application dahil sa system maintenance atbp., ngunit mag-ingat dahil hindi magbabago ang panahon ng pag-apply

◆ **Paraan ng Pag-apply** (Mag-apply sa alinman sa mga sumusunod na paraang ① ~ ④)

① **Electronic application**

Maaaring mag-apply mula sa electronic application system ng Sakai City.
I-scan ang QR code sa kanan at mag-apply.

**Para sa electronic application**

② **Application sa pamamagitan ng mail**

I-download ang application form mula sa website ng Sakai City, at i-mail ayon sa "Mga Dapat Pag-ingatan sa Pag-mail" na nakasulat sa website nang hindi lalampas sa **Abril 30, 2025** (Miyerkules) **(*Dapat hindi lampas sa araw na ito ang postmark)**.

Para naman sa taong sumasailalim sa 2-(2) sa ika-2 pahina, ilakip din ang mga dokumentong dapat ilakip (kopya).

**Padadalhan**

**< School Affairs Division (Gakumu-ka), Board of Education ng Sakai City (Sakai-shi Kyōiku Iinkai) 3-1 Minamikawara-machi, Sakai-ku, Sakai-shi 590-0078>**

③ **Application sa eskuwela**

(Maaaring gawin ang application sa eskuwela kahit nais ng bank transfer sa account ng nag-apply na magulang o guardian)

I-download ang application form mula sa website ng Sakai City o kumuha nito mula sa eskuwela, at isumite sa eskuwela (liban sa Sabado, Linggo at public holiday) (Sa sambahayang may magkapatid sa elementary at junior high school, **isumite sa elementary school**).

Para naman sa taong sumasailalim sa 2-(2) sa ika-2 pahina, ilakip din ang mga dokumentong dapat ilakip (kopya).

④ **Application sa tanggapan ng ward office**

Dalhin ang mga sumusunod sa tanggapan ng application sa bawat ward office at magproseso sa loob ng panahon ng application mula 9:00 am hanggang 5:15 pm　(maliban sa Sabado, Linggo at Pista Opisyal)

1 Pantatak o *inkan* (personal na pantatak o *mitome-in* na ginagamitan ng red stamp pad o *shuniku*)
*Hindi kailangan kung pipirma ang nag-aapply na magulang o guardian
2 Bagay na nagpapakita ng ordinary savings account na nakapangalan sa nag-aapply na magulang o guardian
3 Dokumentong dapat ilakip (kopya) ng taong sumasailalim sa 2-(2) sa ika-2 pahina

**Mapagtatanungan kaugnay sa School Expense Subsidy (liban sa gastusing medikal)**

| | |
|---|---|
| **Scholarship Section, School Affairs Division** | **TEL 228-7485 (direktang linya)** |
| **Board of Education ng Sakai City** | **FAX 228-7256** |
| | **E-Mail kyogaku@city.sakai.lg.jp** |

## 2 Sambahayang Maaaring Tumanggap ng Subsidy

Sambahayan ng magulang o guardian ng batang mag-aaral na naka-enrol sa pampublikong elementary o junior high school (liban sa mga pambansa at support school), na nakatira sa Sakai City, at sumasailalim sa alinman sa (1) o (2) na nakasulat sa ibaba.

(1) Sambahayang hindi lampas ang kabuuang halaga ng income ng lahat ng miyembro ng sambahayan (kabilang ang income, pensyon, retirement pay atbp. ng taong nadestino sa ibang lugar sa loob o labas man ng bansa) para sa taong 2024 (Enero - Disyembre, 2024) sa pamantayang halaga sa talahanayan sa ibaba

| Bilang ng tao sa sambahayan | 2 katao | 3 katao | 4 katao | 5 katao | 6 katao |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pamantayang Halaga** (Tinatayang Kita sa Sweldo) | **2,160,000 yen (3,350,000)** | **2,590,000 yen (3,920,000)** | **2,890,000 yen (4,290,000)** | **3,230,000 yen (4,720,000)** | **3,660,000 yen (5,260,000)** |

・**Halaga ng income** ⇒

Ito ang “halaga matapos ng pagbabawas sa income mula sa sahod” sa sertipiko ng ibinawas na buwis *(gensen chōshūhyō)* para sa taong may income mula sa sahod (hindi ito ang “halagang binayad”).

- Ibabawas ang 100,000 yen (maximum) mula sa kabuuang halaga ng income ng taong may income mula sa sahod o income mula sa pampublikong pensyon atbp. Halaga matapos ibawas ang kinailangang gastusin mula sa kinita para sa taong may income mula sa sariling negosyo.

・**Pamantayang halaga** ⇒

**Panggabay** ang pamantayang halaga, at magkakaiba ito ayon sa edad ng miyembro ng sambahayan.

(2) Sambahayang sumasailalim sa **alinman** sa mga bagay na nakasulat sa ibaba

Kahit sumasailalim dito, kung walang inilakip sa ③, ⑤~⑩ na “Dokumentong ilalakip sa application form,” susuriin batay sa income para sa taong 2024.

| | Dahilan ng pagsailalim | Dokumentong ilalakip sa application form (maaari ang kopya) |
|---|---|---|
| Sa oras ng application | ① **Taong tumatanggap ng public assistance *(seikatsu hogo)*** | Hindi kailangan<br>* Susuriin ayon sa estruktura ng pamilya sa oras ng pagsusuri mula Hunyo. |
| | ② **Taong tumatanggap ng child care allowance *(jidō fuyō teate)* (Hindi child allowance *(jidōteate)*)** | |
| | ③ **Arawang manggagawa na nakarehistro sa employment security office (Hello Work)** | ○ Pahina ng booklet ng taong nakaseguro sa employment insurance kung saan nakatatak ang seal ng direktor ng public employment security office |
| Sa taong 2024 o taong 2025 | ④ **Taong hininto o kinansela ang public assistance *(seikatsu hogo)* (liban kung dahil sa pagbabago sa estruktura ng sambahayan)** | Hindi kailangan |
| | **Para lamang kung nakasulat na “減免 (binawasan o exempted)” ang sumusunod na ⑤ hanggang ⑧** | |
| | ⑤ **Taong binawasan o exempted sa municipal tax** | ○ Notipikasyon sa pagbabago ng halaga ng buwis ng municipal tax / prefectural tax |

| | | |
|---|---|---|
| | ⑥ **Taong binawasan o exempted sa enterprise tax sa indibidwal** | ○ Notipikasyon sa pagpasya ng pagbabawas o exemption sa enterprise tax sa indibidwal |
| | ⑦ **Taong binawasan o exempted sa fixed property tax** | ○ Notipikasyon sa pagpasya ukol sa pagpataw ng fixed property tax |
| | ⑧ **Taong binawasan o exempted sa bayad para sa national health insurance** | ○ Notipikasyon sa pagpasya ng pagwawasto ng bayad para sa national health insurance (para lamang kung sakop ang lahat ng miyembro ng sambahayan) |
| | ⑨ **Taong exempted sa kontribusyon sa national pension** | ○ Notipikasyon sa pag-apruba ng aplikasyon para sa exemption / pagpapaantala ng pagbabayad ng kontribusyon sa national pension<br>・Kailangan ang para sa lahat ng 20 anyos pataas na sakop sa pagbabayad<br>・Sakop dito ang 6 buwan o higit pa ang panahon ng exemption<br>*** Kailangan ang pahina kung saan nakasulat ang pangalan at panahon ng exemption** |
| | ⑩ **Taong tumanggap ng Living and welfare fund loan (liban sa educational support fund)** | ○ Notipikasyon sa pagpasya ukol sa Living and welfare fund loan |

*** Kung mula ngayong taon, naging mahirap ang pagpasok sa eskuwela sa pinansyal na kadahilanan, dulot ng pagkawala ng trabaho ng magulang o guardian, pagbabago sa kalagayan ng sambahayan (pagkamatay, diborsyo) at iba pa, o kung may bagay na hindi maintindihan, mangyaring magkonsulta sa mapagtatanungan sa unang pahina.**

## 3 Mga Detalye ng Subsidy

≪Halaga sa isang taon para sa mga taong Abril nag-apply≫

| Uri ng eskuwela, School year | Paglalaanang gastusin | Gastusin sa mga kagamitan para sa pag-aaral atbp. | Gastusin sa mga kagamitan para sa pag-enrol (Mga taong Abril nag-apply lamang) *1 Pondong panghanda sa pag-enrol | Gastusin sa aktibidad sa labas ng eskuwela (may kasamang overnight stay) | Gastusin sa school trip | Gastusin sa martial arts | Gastusing medikal |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Elementary school** | **Grade 1** | **13,230 yen** (Abril 1,130 yen, Mayo - Marso 1,100 yen) | **57,060 yen** | **Aktuwal na gastusin (hanggang 3,690 yen)** | **Aktuwal na gastusin** | | **Mag-iisyu ang eskuwela ng medical pass** |
| | **Grade 2 - 5** | **15,500 yen** (Abril 1,310 yen, Mayo - Marso 1,290 yen) | | | | | |
| | **Grade 6** | | *1 **63,000 yen** | | | | |
| **Junior high school** | **1st year** | **25,040 yen** (Abril 2,160 yen, Mayo - Marso 2,080 yen) | **63,000 yen** | **Aktuwal na gastusin (hanggang 6,210 yen)** | | **Aktuwal na gastusin (hanggang 7,650 yen)** | |
| | **2nd - 3rd year** | **27,310 yen** (Abril 2,340 yen, Mayo - Marso 2,270 yen) | | | | | |

・Gastusin sa mga kagamitan para sa pag-aaral atbp.

- Bahagi ng gastusin tulad ng perang kinokolekta ng eskuwela para sa materyales sa pagtuturo, gastusin sa kagamitan para sa pag-commute sa eskuwela, gastusin sa aktibidad sa labas ng eskuwela (day trip) at iba pa, kada buwan mula sa buwan ng application

・Gastusin sa mga kagamitan para sa pag-enrol

- Maaari ang **grade 1 sa elementary o 1st year sa junior high school lamang na Abril nag-apply para sa school expense subsidy** (Hindi ibibigay nang dagdag pa sa pondong panghanda sa pag-enrol)

  *1 Pondong panghanda sa pag-enrol - Maaari lamang ang grade 6 sa elementary, at **ibibigay ito sa oras**

**ng pagbibigay sa ika-3 school term (gitnang bahagi ng Marso)**.

- Gastusin sa aktibidad sa labas ng eskuwela (may kasamang overnight stay)
  - Maaari lamang ang nag-apply bago ng buwan ng pagsasagawa, na sumali sa aktibidad (gastusin sa transportasyon, bayad sa tour/bayad sa entrance lamang)
- Gastusin sa school trip
  - Maaari lamang ang nag-apply bago ng buwan ng pagsasagawa, na sumali sa school trip (gastusin sa transportasyon, bayad sa lodging, bayad sa tour/bayad sa entrance lamang)
    * 1 beses sa elementary at sa junior high school
- Gastusin sa martial arts
  - Gastusing pambili atbp. ng suot sa judo / saplot sa sumo para sa lesson sa junior high school, at kung personal na binili sa sports shop atbp., kailangan ang resibo (dapat nakasulat ang pangalan ng magulang o guardian o mag-aaral, ang halaga, pangalan ng biniling item, petsa ng resibo at pangalan ng tindahan) (1 beses lamang sa loob ng 3 taon, at hindi ibibigay para sa nakalipas).
- Gastusing medikal
  - Para lamang sa sakit na inatasan ng eskuwelang ipagamot, ang halaga ng sariling pasanin sa pagpapagamot na saklaw sa insurance (sanggunian ang nakasulat sa likod nito).
- Gastusin sa school lunch
  - Walang ibibigay sa mga magulang dahil ang subsidy ay gagamitin para pambayad sa mga tanghalian sa paaralan na sakop ng public accounting.

## 4 Mga Bagay na Dapat Pag-ingatan sa Application

◎ Kung hininto o kinansela ang suporta sa edukasyon sa public assistance *(seikatsu hogo)*, hindi makakatanggap ng subsidy kung hindi nag-apply para sa school expense subsidy.
Para sa taong nais ng subsidy, mangyaring isagawa ang application para sa school expense subsidy.

◎ **Kung tumatanggap ng suporta sa edukasyon sa public assistance *(seikatsu hogo)*, maaari lamang ang gastusin sa school trip at gastusing medikal.**
**Sa sambahayang may anak sa grade o year na nagsasagawa ng school trip, hindi makakatanggap ng subsidy ng gastusin sa school trip kung hindi nag-apply para sa school expense subsidy. Mangyaring siguraduhing isagawa ang application para sa school expense subsidy.**

**Sa pagpapasya kung maaaring ibigay o hindi, susuriin batay sa halaga ng income at kalagayan ng pagiging dependiyente ng lahat ng miyembro ng sambahayan. Mangyaring mag-ingat sa mga puntong nakasulat sa ibaba.**

**Address sa petsang Enero 1, 2025**

*** Mangyaring siguraduhing tapusin ang pagdedeklara ng income atbp.**

- **Sakai City**
  - **Mangyaring magdeklara sa lalong madaling panahon ang mga taong hindi pa nagdedeklara ng income sa taong 2024.** (Hindi kailangan ang palakad para sa mga tapos nang magdeklara atbp.)
- **Ibang munisipalidad**
  - **Pagdating ng Hunyo** (dahil mula bandang Hunyo ang panahon ng pag-isyu ng "Sertipiko ng pagpataw ng buwis *(kazei shōmeisho)*"), pagkatanggap ninyo ng **"Sertipiko ng pagpataw ng buwis *(kazei shōmeisho)*" ng piskal na taong 2025** sa munisipalidad kung saan kayo nakatira noong Enero 1, 2024, ipasusumite ito sa inyo (hindi maaari ang sertipiko ng ibinawas na buwis *(gensen chōshūhyō)*.
    - Mangyaring tapusin ang pagdedeklara ng income atbp. sa munisipalidad kung saan kayo nakatira noong Enero 1, 2025.
    - Maaaring sa piskal na taong 2025 ang "Sertipiko ng pagpataw ng buwis *(kazei shōmeisho)*" na kinuha sa Mayo o bago pa nito. Mangyaring tiyakin ito. Para sa mga detalye, mangyaring tiyakin sa munisipalidad kung saan nakatira noong Enero 1, 2025.

* Kung iniuulat ang income mula sa pinagtatrabahuhan ng taong may income mula sa sahod, hindi kailangan ang pagdedeklara, ngunit kailangan ang pagdedeklara ng income ng taong hindi dependiyente (asawang kabahagi sa kabuhayan at dependiyenteng pamilyang sakop sa pagbabawas).

* **Mangyaring siguraduhing isagawa ang pagdedeklara ng income kahit walang kita** (hindi kailangang magdeklara ng dependiyente).

◎ Sa pag-apply para sa school expense subsidy, mangyaring isagawa ang application matapos sang-ayunan ang mga sumusunod na bagay.

◆Isasagawa ang pagkumpirma ng mga sumusunod na bagay kaugnay sa lahat ng miyembro ng sambahayan. ① Basic Resident Register ② Tax Register ng municipal tax at prefectural tax ③ Kalagayan ng pagtanggap ng public assistance *(seikatsu hogo)* ④ Kalagayan ng pagtanggap ng child care allowance *(jidō fuyō teate)* ⑤ Antas sa Sertipiko ng taong may pisikal na kapansanan at sa Sertipiko ng taong may mental na kapansanan, at Klasipikasyon sa Sertipiko ng rehabilitasyon *(ryōiku techō)*

◆Isasagawa ang pagsisiyasat o pagbibigay ng notipikasyon sa kinauukulang ahensya ng Sakai City at ibang munisipalidad tungkol sa mga bagay na kinakailangan para sa pag-apruba at pagbibigay kaugnay sa school expense subsidy.

◆Pagkatapos ibigay ang school expense subsidy (pondong panghanda para sa pag-enrol), isasauli ang buong halaga kung tumuloy sa pambansa o pribadong junior high school o support school.

◆Ang paglalaan ng gastos sa tanghalian sa paaralan mula sa tulong sa pagpasok sa paaralan para sa gastusin sa tanghalian ng mga mag-aaral o estudyante na naka-enroll sa elementarya o Junior High School sa Sakai City ay (tumutukoy sa mga gastusin sa tanghalian sa paaralan na nakatakda sa Artikulo11 Talata 2 ng School Lunch Act).

◎ Sa pagbibigay ng school expense subsidy, kung hinirang ang prinsipal ng eskuwela bilang tagatanggap ng subsidy at kung mayroong hindi pa nababayaran sa bayarin sa eskuwela atbp. sa ika-15 ng buwan bago ng "Tinatayang panahon ng pagbibigay sa taong inaprubahan" na nakasulat sa ibaba, ibibigay sa pamamagitan ng prinsipal ng eskuwela ang subsidy (buong halaga) para sa panahong iyon.

## 5 Notipikasyon ng Pagpasya at Panahon ng Pagbibigay sa Taong Inaprubahan

| **Buwan ng Pag-apply** | **Pagpapadala ng mga Notipikasyon** | | **Tinatayang Panahon ng Pagbibigay sa Taong Inaprubahan**<br>**Sa *2, mula sa subsidy para sa buwan kung kailan nag-apply ang sakop sa pagbibigay** | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Notipikasyon ng Pag-apruba/ Hindi Pag-apruba | Notipikasyon ng Bank Transfer | Para sa 1st Term (Abril - Hulyo) | Para sa 2nd Term (Agosto - Disyembre) | Para sa 3rd Term (Enero - Marso) |
| Abril / Mayo | gitna ng Hulyo | gitna ng Hulyo | *2 gitna ng Hulyo | gitna ng Disyembre | gitna ng Marso |
| Hunyo - Oktubre | sa buwang kasunod ng buwan ng pag-apply (kahit kailan kung Pebrero nag-apply) | gitna ng Disyembre | | *2 gitna ng Disyembre | gitna ng Marso |
| Nobyembre - Pebrero | | gitna ng Marso | | | *2 gitna ng Marso |

・Ipapadala sa mail ang mga notipikasyon pagkatapos ng application.

・Ang mga kinakailangang impormasyon upang matukoy ang halaga ng tulong, tulad ng pagsama o hindi pagsama sa school trip at iba pa ng paaralan ay kukumpirmahin muna sa paaralan bago isagawa ang pagbibigay ng tulong.

・Maaaring mahuli ang panahon ng pagbibigay dahil sa palakad ng pagsusuri.

# Tungkol sa Medical Expense Subsidy System (Medical Pass batay sa School Health and Safety Act)

Sa Sakai City, nagbibigay ng subsidy para sa halaga ng sariling pasanin sa pagpapagamot na saklaw sa insurance kung nagpagamot ng nasasakop na sakit ang taong maaaring tumanggap ng subsidy na nakasulat sa ibaba.

**1. Taong Maaaring Tumanggap ng Subsidy**

**(1) Batang mag-aaral ng sambahayang tumatanggap ng public assistance *(seikatsu hogo)***

**(2) Batang mag-aaral ng sambahayang inaprubahan para sa school expense subsidy**

**2. Mga Sakop na Sakit**

**Alinsunod sa School Health and Safety Act, para lamang sa mga sumusunod na sakit.** Hindi maaaring gamitin ang medical pass para sa pagpapagamot ng sakit liban sa nakasulat sa ibaba.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **1. Trachoma** | **2. Conjunctivitis** | **3. Tympanitis** | **4. Chronic sinusitis** | **5. Adenoid** | **6. Ringworm** |
| **7. Scabies** | **8. Impetigo** | **9. Parasitosis (kasama ang pagkakaroon ng parasite eggs)** | **10. Tooth decay (Cavity)** | | |

*** Maaaring magpa-isyu ng medical pass sa mga sumusunod na kaso.**

- **Kung natuklasan ang sakop na sakit sa resulta ng health check sa eskuwela**
- **Kung inatasan mula sa eskuwela na ipagamot ang sakop na sakit, batay sa pagbibigay-alam ng batang mag-aaral o konsultasyon sa kalusugan at iba pa**

◎ **Mga Bagay na Dapat Pag-ingatan**

- **Mangyaring siguraduhing bago ng pagpapatingin bawat buwan, magbigay-alam sa eskuwela at magpa-isyu ng medical pass.**
- **Kung nagpagamot nang hindi nagpa-isyu ng medical pass, sa patakaran, hindi maaaring tumanggap ng medical expense subsidy.**

**◆◆◆Tungkol sa Taong Natapos ang Application para sa School Expense Subsidy◆◆◆**
**(Taong Naghihintay ng Resulta ng Pagsusuri)**

① Sa mga batang mag-aaral ng sambahayang inaprubahan ang school expense subsidy noong nakaraang taon at **Abril/Mayo ng taong ito** nag-**apply** para sa school expense subsidy, kung kailangang magpagamot ng sakop na sakit nang hindi lalampas sa gitna ng Hulyo kung kailan ibinibigay ang notipikasyon ng resulta ng pagsusuri, mangyaring **siguraduhing bago ng pagpapatingin, magbigay-alam at magpa-isyu ng medical pass sa eskuwela.**

② Sa mga batang mag-aaral ng sambahayang sumasailalim sa sumusunod, na kailangan ng pagpapapagamot ng sakop na sakit at nais ng medical expense subsidy, **mangyaring siguraduhing magtanong sa Health and Physical Education Division *(Gakko Hoken Taiku-ka)* bago magpatingin.**

- Sambahayang inaprubahan ang school expense subsidy noong nakaraang taon, at nag-**apply** para sa school expense subsidy **mula Hunyo ng taong ito**
- Sambahayang unang beses nag-apply para sa school expense subsidy
- Sambahayang hindi nag-apply o hindi inaprubahan noong nakaraang taon, at nag-apply sa taong ito

**3. Halaga ng Subsidy**

Kung nagpagamot gamit ang medical pass, ang Sakai City ang magbabayad sa medikal na institusyon atbp. ng halaga ng sariling pasanin sa pagpapagamot na saklaw sa insurance para sa pagpapagamot ng sakop na sakit. Kung pagpapaospital naman, mangyaring magkonsulta sa Health and Physical Education Division *(Gakko Hoken Taiku-ka)*.

* Magkakaroon ng halaga ng sariling pasanin sa mga sumusunod na kaso atbp.

- Kung nagpatingin nang hindi dala ang medical pass na inisyu mula sa eskuwela
- Kung nagpatingin nang hindi nagpa-isyu ng medical pass
- Kung nagkaroon ng paggamot atbp. na hindi saklaw sa insurance
- Kung nagpagamot din para sa hindi sakop na sakit

## Mapagtatanungan kaugnay sa Medical Expense Subsidy (Medical Pass)

**Health and Physical Education Division, Board of Education ng Lungsod ng Sakai**
**TEL : 340-0316 (direktang linya), FAX: 228-7421, E-Mail: gakukyo@city.sakai.lg.jp**

◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇

Sa Sakai City, nagsasagawa ng iba't ibang hakbang bukod sa school expense subsidy system para sa mga taong nahihirapan sa pamumuhay. Mangyaring tingnan ang website ng Sakai City (Health / Welfare) para sa mga detalye.

**～～Tungkol sa Scholarship Program ng Sakai City～～**

Sa Sakai City, mayroong programang nagkakaloob ng scholarship na ang target ay mga **estudyante sa senior high school at iba pa pati na sa mga estudyante sa unibersidad at iba pa** na nahihirapan sa pag-aaral dahil sa pinansyal na kadahilanan. Mangyaring tingnan ang website ng Sakai City para sa mga detalye.